Republic of the Philippines
# Department of Education
**REGION XI**
**SCHOOLS DIVISION OF DIGOS CITY**

Office of the Schools Division Superintendent

**DIVISION MEMORANDUM**
CID-2023-022

To : Public Schools District Supervisors
Education Program Supervisor
School Heads
Teachers

Subject : **PAANYAYA SA ONLAYN DAP-ÀYAN SA SALIKSIK AT KULTURANG PILIPINO**

Date : Pebrero 6, 2023

---

Alinsunod sa Paanyaya mula sa Komisyon sa Wikang Filipino, ang lahat ay inaaanyayahang lumahok sa Onlayn Dap-àyan sa mga Babasahin sa Saliksik at Kulturang Pilipino ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) tampok ang mga salawikain.

Ang proyektong ito ay serye ng mga pagbasa at talakayan sa iba't ibang panitikang-bayan ng bansa kabilang ang salawikain, bugtong, alamat, awiting-bayan, at epiko.

Ibang detalye ng nasabing gawain ay makikita sa kalakip na dokumento.

Hiniling ang malawakang pagpapalaganap ng pahayag na ito sa mga kinauukulan.

For and in the absence of SDS:

**BEVERLY S. DAUGDAUG**
Chief-CID
Officer-In-Charge

DepEd Schools Division of Digos City
RECORDS SECTION
RELEASED
23-9724
DATE: FEB 06 2023 TIME: 3:57pm
BY:

Enclosed: As stated.
CID/jmn

Roxas Street cor. Lopez Jaena Street, Zone II, Digos City 8002
(082) 553-8396 | (082) 553-8376 | (082) 553-9170 | (082) 553-8375
(082) 553-8396 | (082) 553-8376
www.depeddigoscity.org | digos.city@deped.gov.ph

DepEd Schools Division of Digos City
RECORDS SECTION
RECEIVED 97244
DATE: 03 FEB 2023 TIME: 8:14 am
BY:

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

# ONLAYN DAP-ÁYAN

## SA SALIKSIK AT KULTURANG PILIPINO

| PAKSA | PETSA |
|---|---|
| Salawikain | 24 Pebrero 2023 |
| Bugtong | 28 Abril 2023 |
| Alamat | 28 Hunyo 2023 |
| Awiting-bayan | 31 Agosto 2023 |
| Epiko | 27 Oktubre 2023 |

**Libre po ito!**

**Magpatalâ na para sa salawikain.**

**KWF Onlayn Dap-áyan, magsisimula na ngayong Pebrero 2023 tampok ang mga salawikain**

Magsisimula na sa 24 Pebrero 2023 ang Onlayn Dap-áyan sa mga Babasahín sa Saliksik at Kulturang Pilipino ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) tampok ang mga salawikain.

Ang proyektong ito ay serye ng mga pagbása at talakayan sa iba't ibang panitikang-bayan ng bansa kabilang ang salawikain, bugtong, alamat, awiting-bayan, at epiko.

Kumukuha ito ng inspirasyon sa dap-áyan ng mga taga-Kordilyera na may kinalaman sa mga ritwal at paraan upang malutas ang mga isyu ng komunidad.

Sa bawat sesyon, magbibigay ang KWF ng babasahín at gabay sa pagbása ng mga panitikang-bayan para sa isasagawang talakayan sa onlayn na platform.

Bukás na ang pagpapatalâ para sa unang sesyon tampok ang salawikain sa 24 Pebrero 2023. May hiwalay na pagpapatalâ para sa iba pang sesyon: 28 Abril (bugtong), 28 Hunyo (alamat), 31 Agosto (awiting-bayan), at 27 Oktubre (epiko).

Libre at bukás ito sa sinumang interesado. Kinakailangan lámang magpatalâ sa link na ito: https://forms.gle/idhnj7N4rrikkpcN6. Pipili ang KWF ng 30 kalahok na pagkakalooban ng sertipiko ng partisipasyon. Magbibigay rin ng mga aklat ng KWF Publikasyon sa piling mga kalahok.

Para sa mga detalye, maaaring magpadala ng email kay Roy Rene S. Cagalingan sa rrcagalingan@kwf.gov.ph.